| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Reading and Literacy |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | Week 7 | Markahan | Kwarter 1/ Ikapitong Linggo |

| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | The learners demonstrate phonological awareness in decoding developmentally- and grade level-appropriate words; understand and create simple sentences to express meaning about oneself, family, and everyday topics (narrative and informational). | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | The learners use phonological and alphabetic knowledge to read/write words accurately with/for meaning and narrate personal experiences with family and content-specific topics. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | -Comprehend informational text. (RL1CAT-I-2)<br>b. Identify problem and solution.<br>-Narrate one's personal experiences: (RL1CCT-I-1)<br>a. oneself and family<br>b. content-specific topics | | | | |
| *D. Mga Layunin* | -Comprehend informational text.<br>b. Identify problem and solution. | -Comprehend informational text.<br>b. Identify problem and solution. | Narrate one's personal experiences:<br>a. oneself and family<br>b. content-specific topics | Narrate one's personal experiences:<br>a. oneself and family<br>b. content-specific topics | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Problem and Solution** | **Problem and Solution** | **Narrate One's Personal Experience (Oneself)** | **Narrate One's Personal Experience (Family)** | **Catch Up Friday** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 31 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 31 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 31 | MATATAG Curriculum Reading and Literacy CG 2023<br>Pahina 31 | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Panimulang Gawain | Panuto: Pagmasdan ang larawan sa ibaba at sagutin ang tanong. | Panuto: Pagmasdan ang larawan sa ibaba at sagutin ang tanong. | Pagmasdan ang larawan sa ibaba. | Pagmasdan ang larawan sa ibaba. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | <br>Tanong:<br>Bakit kaya nadulas ang bata? | <br>Tanong:<br>Ano kaya ang posibleng mangyari sa mga bata? | <br>Tanong:<br>Ano sa tingin mo ang ginagawa ng bata sa larawan? | <br>Tanong:<br>Ano kaya ang ginagawa ng pamilya? | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Mga bata, ngayong araw at tatalakayin natin ang sanhi ng isang pangyayari. | Mga bata, ngayong araw at tatalakayin natin ang bunga ng isang pangyayari. | Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin kung paano magbahagi ng inyong sariling karanasan. | Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin kung paano magbahagi ng inyong karanasan kasama ang pamilya. | |
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | Unlocking of Difficulties:<br>>pinagmulan - lugar, bagay, o dahilan kung saan nagsimula o nagmula ang isang bagay, ideya, o pangyayari. | Unlocking of Difficulties:<br>>solusyon - paraan o sagot na naglalayong lutasin ang mga problema, suliranin, o pagkalito, at nagbibigay kaalaman sa partikular na katanungan. | Unlocking of Difficulties:<br>>karanasan - ay ang kaalaman ng isang tao na nakukuha sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay o gawain o pagpapanood ng ibang taong gumagawa ng isang bagay o ng isang gawain. | Unlocking of Difficulties:<br>>pagbabahagi - ang proseso o akto ng paghahati ng isang kabuuan sa mga bahagi o pagbibigay ng isang bagay sa iba para magamit nang magkasama o para sa iba't ibang layunin. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Panuto: Magpapakita ang guro ng mga larawan. Bubuo ang mga bata ng mga pangungusap kung bakit nangyari ang nasabing sitwasyon.<br>1. <br>Bakit kaya nagkaroon ng malaking pagbaha?<br> | Panuto: Magpapakita ang guro ng mga larawan. Bubuo ang mga bata ng mga pangungusap kung ano ang posibleng mangyari sa nasabing sitwasyon.<br>1. <br>Bakit kaya nahulog ang bata sa hagdan? | Magbasa Tayo!<br><br>Isang Aral Para kay Armando<br><br>Laging naiisip ni Armando na napakarami namang ipinagbabawal ang ina sa kaniya. Madalas niyang marinig ang “Huwag mong gawin ito”, “Huwag mong gawin iyan”. Sumasama ang loob niya kapag naririnig niya ang mga ito. | Manuod Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=MRc5oyEqqWM<br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2.<br><br>Bakit kaya nagkasakit ang bata?<br><br>3. <br>Bakit kaya umiiyak ang bata? | 2. <br>Bakit kaya nagagalit ang nanay sa bata?<br><br>3. <br>Bakit kaya nagtatanim ang mga bata? | May isang bagay na talagang lagi niyang gustong gawin kahit ipinagbabawal ng ina – ang maligo sa ilog. “Napakabilis ng agos ng tubig sa ilog. Maliit ka pa at kaya kang ianod nito,” laging paalala ng ina.<br><br>Ngunit naniniwala si Armando na kaya niya. Marunong naman siyang lumangoy dahil tinuruan ng Tito Manuel niya. “Matatakutin lang talaga si Nanay,” sabi niya sa sarili. “Ang sarap siguro talagang lumangoy sa ilog. Mukhang kay lamig ng tubig.”<br><br>Kaya nga isang araw, kasama ng apat na kalarong bata, nagpunta sila sa ilog. Masaya silang naghubad ng kamiseta at tumalon sa tubig. Ang sarap maglaro sa tubig. Wiling-wili ang mga bata. Maya-maya, naisip ni Armando na lumangoy sa banda-bandang unahan. Unti-unti siyang umusad.<br><br>Bigla na lamang bumilis and agos ng tubig at siya’y tinatangay na palayo, patungo sa malalim na parte ng ilog. Pinipilit | Itanong:<br>1. Tungkol saan ang inyong pinanuod?<br>2. Sino ang bata sa video?<br>3. Kaya mo rin ba ang ginawa ni Mae? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | niyang pigilan ang katawan ngunit hindi niya Makaya ang malakas na agos ng tubig.<br><br>“Ben!” sigaw niya. “Saklolo!”<br><br>Ngunit hindi rin magaling lumangoy ang mga kasama niya. Napamulagat na lang sila sa di-masaklolohang kababata. Mabuti na lang at may biglang tumalong lalaki mula sa mga kahuyan. Naroon pala ang isang kanayon nil ana may paiinuming baka.<br><br>Nasagip si Armando ng lalaki ngunit may ilang sandal bago siya nahulasan. “Salamat po, Mang Tacio. Akala ko’y katapusan ko na. Nagdasal po ako at kayo ay dumating. Dapat ng apala akong sumunod sa sinasabi ni Nanay”.<br><br>Tama si Armando. Batid ng mga magulang ang nararapat sa mga anak kaya dapat silang sundin. Ang isa pang natutuhan ni Armando ay kapag nasa panganib, tumawag agad sa Diyos at ang tulong ay darating. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Pag-aralan Natin!<br><br>Basahin ang mga pangungusap at talakayin ang mga ito.<br><br>Lumangoy si Larry sa malalim na dagat kaya siya nalunod.<br><br>Ang mga salitang may salungguhit ay tinatawag na SANHI.<br><br>Ang SANHI ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan, o pangyayari. | Pag-aralan Natin!<br><br>Basahin ang mga pangungusap at talakayin ang mga ito.<br><br>Palaging nag-eensayo sa pag-awit si Kim kaya siya ang nanalo sa paligsahan.<br><br>Ang mga salitang may salungguhit ay tinatawag na BUNGA.<br><br>Ang BUNGA ay tumutukoy sa resulta o epekto ng kilos, gawain o pangyayari. | Pagsagot sa mga Tanong:<br><br>1. Sino sino ang mga tauhan sa kwento?<br>2. Ano ang palaging sinasabi ng kaniyang ina kay Armando?<br>3. Bakit nagagalit si Armando sa kaniyang nanay?<br>4. Ano raw ang pinakagustong gawin ni Armando?<br>5. Ano ang nangyari kay Armando?<br>6. Bakit humingi ng saklolo si Armando? | Panuto: Pumili mula sa mga larawan na maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan. Ibahagi mo ang kwento sa mga kasama sa bahay.<br> | |
| Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Panuto: Tukuyin ang sanhi sa bawat pangungusap.<br><br>1. Nag-aral nang mabuti si Nico kaya nakapasa siya sa kaniyang pagsusulit.<br>2. Sumasakit ang tiyan ni Mika dahil hindi siya kumain ng almusal. | Panuto: Tukuyin ang bunga sa bawat pangungusap.<br><br>1. Nag-aral nang mabuti si Nico kaya nakapasa siya sa kaniyang pagsusulit.<br>2. Sumasakit ang tiyan ni Mika dahil hindi siya kumain ng almusal. | Itanong:<br><br>May pagkakataon rin ba na sinuway ninyo ang payo ng inyong mga magulang? Ano ang nangyari sa inyo? | Magbahagi Ka!<br><br>Ibahagi mo sa amin ang natatangi mong karanasan kasama ang iyong pamilya. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | Tandaan:<br>Ang sanhi ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, kalagayan, o pangyayari. | Tandaan:<br>Ang bunga ay tumutukoy sa resulta o epekto ng kilos, gawain o pangyayari. | Tandaan:<br>Sa pagbabahagi ng tungkol sa sarili at sariling karanasan, kailangang maging matapat at totoo ka sa iyong sarili. Maging matalino sa pagpili ng | Tandaan:<br>Sa pagbabahagi ng tungkol sa sarili at sariling karanasan, kailangang maging matapat at totoo ka sa iyong sarili. Maging | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | angkop na salitang gagamitin sa paglalarawan upang maging mas kapanapanabik o kaaya-aya ang iyong kuwento. | matalino sa pagpili ng angkop na salitang gagamitin sa paglalarawan upang maging mas kapanapanabik o kaaya-aya ang iyong kuwento. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Pag-ugnayin ang mga sanhi sa HANAY A sa posibleng bunga nito sa HANAY B.<br><br>**HANAY A** **HANAY B**<br><br>1. Mahilig akong kumain ng gulay.<br><br>2. Nanonood ako ng TV kahit gabing-gabi na.<br><br>3. Kumain ako ng maraming kendi.<br><br>4. Niligpit ko ang aking pinaghigaan.<br><br>5. Nag-aral ako ng mga aralin.<br> | Panuto: Pag-aralan ang bawat larawan. Gumuhit ng linya upang itapat upang itapat ang larawan ng sanhi sa Hanay A at sa larawan na naging bunga sa Hanay B.<br> | Panuto: Punan ang patlang upang mabuo ang kuwento. Isulat sa isang malinis na papel ang sagot.<br><br>Ako si Mera. _________ akong mag-aral ng leksiyon. ________ akong pumapasok sa paaralan. Tuwing umaga, tinutulungan ko ang aking guro na _____________sa loob ng silid aralan. _____________din ako ng mga halaman sa hardin. Sa oras ng klase, ___________ sumasagot sa mga talakayan. | | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| sa Remediation (kung nararapat) | | | | | |
| Mga Tala | | | | | |
| Repleksiyon | | | | | |
| Takdang-Aralin | Panuto: Sumulat ng tatlong pangyayari na iyong naranasan na may sanhi at bunga. | Panuto: Ibigay ang bunga ng bawat sitwasyon.<br><br>1. Kumakain ng masustansiyang pagkain si Rina.<br>____________________<br><br>2. Naligo sa ulan si Rico kasama ang kaniyang mga kaibigan.<br>____________________ | Panuto: Ikuwento sa mga kasama sa bahay ang isang karanasan mo na hindi mo makalimutan. | Panuto: Magbahagi ng isang karanasan tungkol sa mga gawain ninyo sa sariling tahanan. Isulat sa inyong kwaderno ang sagot. | |